# Executive Summary | Ehekutibong Sumaryo

***Pangkalahatang-ideya***

Ang mga bansa sa Southeast Asia—magkasamang pinagbuklod sa alyansang panrehiyon na kilala bilang ang Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)—ay may malawak na pagkakaiba-iba sa sukat pangheograpiya, mga sistema ng pamamahala, mga ekonomiya, at kultural at panlipunang pagkasari-sari ng mga ito. Isa pa, ang bawat bansa ay naiiba sa antas ng pagsunod nito sa mga internasyonal na pamantayan sa mga karapatang pantao at sa pagprotekta (o pagtanggi) nito sa mga kalayaang isinasaad dito, kabilang ang pangkalahatang kalayaan sa relihiyon o paniniwala. Sa ika-50 na taon ng ASEAN, inihahatid ng U.S. Commission on International Religious Freedom (USCIRF) ang *A Right for All: Freedom of Religion or Belief in ASEAN*. Idinodokumento ng ulat ang mga pamamaraan sa pagharap ng ASEAN at ng Member States sa karaniwang karapatang ito, idinidiin ang mga hamong kaugnay ng kalayaan sa relihiyon sa rehiyon na lumalampas sa mga hangganan ng bansa, at idinidiin ang estratehikong kahalagahan ng matatag na pakikipag-ugnayan ng U.S. sa mga usaping ito sa ASEAN bilang kolektibo at ang 10 indibidwal na Member States: Brunei, Burma, Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Pilipinas, Singapore, Thailand, at Vietnam.

Ang paraan ng pagharap ng ASEAN sa mga karapatang pantao ay kadalasan nang pinahihina ng dalawang naglalabang interes: pagnanais ng Member States na magsama-sama bilang isang alyansa at ang kanilang malalim na nakatatak na pagdepende sa kalayaan at hindi panghihimasok sa mga ugnayang panloob ng bawat isa. Sa isang higit na nagiging magkakaugnay at umaasa sa isa't isa na komunidad gaya ng ASEAN, napakahalagang kilalanin ng mga pamahalaan at lipunan—sa loob at sa labas ng kanilang mga hangganan—kung kailan naaabuso ang karapatan sa kalayaan sa relihiyon o paniniwala at gumawa ng mga hakbang upang protektahan ang mga indibidwal at grupong nakakaranas ng paglabag sa mga karapatan.

Ang United States—40 taon na ngayong nakikipag-ugnayan sa ASEAN—ay gumagamit ng kapansin-pansing bigat at impluwensya sa rehiyon at sa indibidwal na Member States. Dapat himukin ng United States ang Member States ASEAN na abutin ang kasaganaan para sa sarili nilang mamamayan at mamuhay sa mga pangunahing prinsipyo na sinasang-ayunan ng lahat ng bansa kapag sumasapi sa United Nations at sa pagiging partido sa mga instrumento para sa internasyonal na mga karapatang pantao.

***ASEAN, mga Karapatang Pantao, at Kalayaan sa Relihiyon o Paniniwala***

Ang ASEAN at ang indibidwal na Member States ay may nagkakasalungatang tala sa pagprotekta at pagtataguyod ng mga karapatang pantao, at lalo na may kaugnayan sa kalayaan sa relihiyon o paniniwala. Kadalasan, nagkukulang ang mga bansa ng ASEAN sa pagkakaisa at isang malakas na paninindigan na kumilos bilang tugon sa malulubhang paglabag sa loob ng kanilang sariling hangganan at sa pagitan ng ibang pang miyembro ng alyansa. Noong 2009, itinatag ng ASEAN ang ASEAN Intergovernmental Commission on Human Rights (AICHR), at noong 2012, pinagtibay nito ang ASEAN Human Rights Declaration (AHRD). Hinamon ng mga kritiko ang bisa ng AICHR bilang isang lupon para sa mga karapatang pantao at ang AHRD bilang isang instrumento para sa mga karapatang pantao. Dapat na manawagan ang internasyonal na komunidad sa Member States na itaguyod ang mga nakakataas na pamantayang kinakatawanan ng mga intrumento para sa internasyonal na mga karapatang pantao gaya ng International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR).

Kabilang sa pinakamahahalagang tuklas tungkol sa kalayaan sa relihiyon o paniniwala sa 10 Member States ang:

- **Brunei:** Hinahamon minsan ng kaugnayan ng estado at ng pampublikong sirkulo sa Islam sa katauhan ng sultan ang kalayaan sa relihiyon ng mga hindi Muslim o mga residenteng hindi sumusunod sa doktrinang Muslim, na ang mga komunidad ay maaaring ipinagbabawal o pinamumunuan ng Shari'ah anuman ang kanilang kinaaniban.

- **Burma:** Bagaman tinatakan ng 2016 ang isang makasaysayan at mapayapang paglilipat ng pamahalaan sa Burma, patuloy na humihimok ng masamang pakikitungo sa mga relihiyoso at etnikong grupo ang tahasang kawalan ng parusa para sa mga pang-aabuso na nagawa ng militar at ilang gumagawa nito na hindi mula sa estado at ang lalim ng krisis sa pagkamakatao para sa mga taong sapilitang napaalis sa kanilang tahanan.
- **Cambodia:** May ilang panloob na hamon ang Cambodia sa kalayaan ng relihiyon o paniniwala, ngunit maaari pa rin itong kumilos upang panindigan ang mga pangako nito ukol sa karapatang pantao, partikular na sa ilalim ng Refugee Convention.
- **Indonesia:** Madalas na namamagitan ang pamahalaan ng Indonesia kapag may bumabangong pang-aabuso sa kalayaan sa relihiyon, partikular na kung may nasasangkot na karahasan. Gayunpaman, tinitiis ng mga hindi Muslim at hindi Sunni Muslim ang patuluyang hirap sa pagkuha ng pahintulot mula sa pamahalaan upang magtayo ng mga lugar ng pagsamba, nakakaranas ng bandalismo sa mga lugar ng pagsamba, at dumaranas ng diskriminasyon pati na rin ng mga mararahas na protesta na humahadlang sa kanilang kakayahang isagawa ang kanilang pananampalataya.
- **Laos:** Sa ilang lugar ng Laos, nanliligalig at nagdidiskrimina ang mga lokal na awtoridad laban sa mga relihiyoso at etnikong minorya, at ang malaganap na kontrol ng pamahalaan at mabibigat na regulasyon ay humahadlang sa kalayaan sa relihiyon o paniniwala.
- **Malaysia:** Ang matatag na sistema ng pamahalaan ng Malaysia ay nagbibigay ng bentaha sa namumunong partido at sa mayoryang Sunni Muslim Malay para sa kapinsalaan ng mga relihiyoso at etnikong minorya, kadalasang sa pamamagitan ng matitinding pag-uusig na pinangungunahan ng pamahalaan sa relihiyosong aktibidad, pagpapahayag, o pagprotesta.
- **Pilipinas:** Dahil sa malakas na impluwensya ng Simbahang Katoliko, pati na rin sa mga pangangailangan ng ibang relihiyosong grupo, nakikipagbuno ang Pilipinas sa paghihiwalay ng simbahan at estado, at pati na rin sa karahasang patuloy na nangingibabaw sa mga pakikipag-ugnayan sa mga Muslim sa isla ng Mindanao.
- **Singapore:** Ang kasaysayan ng Singapore sa karahasan sa pagitan ng mga komunidad ay nagbibigay-alam tungkol sa mga kasalukuyang patakaran nito, na umuuna sa pagkakaisa sa pagitan ng mga pangunahing relihiyon ng bansa, na kung minsan, ang kapalit nito ay ang kalayaan sa pagpapahayag at ang mga karapatan ng mas maliliit na relihiyosong komunidad.
- **Thailand:** Ang pagiging una ng Budismo ay ang pinakamalaking problema sa kalayaan sa relihiyon o paniniwala sa mga katimugang probinsya na ang kalakhang bahagi ay Malay Muslim, kung saan ang patuloy na nagaganap na mga tensyong Buddhist-Muslim ay nag-aambag sa lumalaking damdaming nasyonalismo sa buong bansa na nakabatay sa relihiyon.
- **Vietnam:** Nakagawa ng pagsulong ang Vietnam upang gawing mas kaaya-aya ang mga kalagayan sa kalayaan sa relihiyon, lalo na laban sa mga komunidad ng etnikong minorya sa mga rural na lugar ng ilang probinsya.

***Mga Hamon***

Nakakaranas ang 10 Member States ng ilang magkakapareho at magkakaugnay na hamong nagbibigay-diin sa kung paano nangyayari ang mga paglabag sa kalayaan sa relihiyon o paniniwala sa pagitan ng mga hangganan at sa konteksto ng mas malawak at nauugnay na mga pangrehiyong trend. Dapat na kilalanin at pagsikapang lutasin ng ASEAN ang mga sumusunod na problema: mga kakulangan sa proteksyon para sa mga refugee, nangangailangan ng asylum, kinalakal na tao, at napaalis sa kanilang tahanan sa loob ng bansa; ang paggamit ng mga batas kontra ekstremismo at terorismo bilang paraan upang limitahan ang mga lehitimong aktibidad ng mga relihiyosong komunidad, pigilan ang mapayapang pagtutol, at ibilanggo ang mga tao; ang paggamit sa nasyonalistikong damdamin ng mga indibidwal at grupo na nagmamanipula sa relihiyon sa ikapapahamak ng ibang mga relihiyoso at etnikong pangkat; mga pag-aresto, detensyon, at pagpapakulong batay sa relihiyosong paniniwala, kaugalian, o aktibidad; at ang pagkakaroon at pagpapatupad ng mga batas laban sa pamumusong (blasphemy law) na ginagamit upang mag-udyok o pumukaw ng karahasan, karaniwan na ng mga miyembro ng mayoryang relihiyosong grupo laban sa mga mula sa komunidad ng relihiyosong minorya.

***Ang Prinsipyo sa Hindi Panghihimasok ng ASEAN***

Regular na nananawagan ang Member States ng ASEANpara sa prinsipyo ng hindi panghihimasok (principle of non-interference) (ang idinambanang prinsipyo ng pambansang soberanya, integridad, at kalayaan), ngunit sa ilang okasyon, isinantabi ito kung para ito sa kanilang kapakinabangan. Bagaman mauunawaan na pinoprotektahan muna ng mga bansa ng ASEAN ang kanilang sariling interes, ang bawat isa ay may mas malawak na responsibilidad na gumawi nang naaayon sa komunidad ng mga bansa, partikular na kapag lumalampas na sa mga

hangganan ng bansa ang mga usapin sa karapatang pantao, kabilang ang kalayaan sa relihiyon o paniniwala.


***Mga Ugnayang U.S.-ASEAN***

Sa panahon ng ika-50 taon ng ASEAN at matapos ang 40 taon ng pakikipag-ugnayang U.S.-ASEAN, dapat gamitin ng United States ang interes at impluwensya nito sa rehiyon upang hikayatin ang Member States na itaguyod ang mga internasyonal na pamantayan sa mga karapatang pantao. Bagama't mas bukas ang ilang Member States ng ASEAN sa pakikipag-ugnayan ng U.S. tungkol sa mga usapin sa mga karapatang pantao, ang matatag at patuloy na pag-udyok ng United States—kabilang ang positibong pampatibay kapag kinakailangan—ay magbibigay ng malinaw na mensahe tungkol sa mga priyoridad ng U.S. sa rehiyon.

***Konklusyon***

Dapat na maunawaan ng ASEAN at ng indibidwal na Member States na ang pandaigdig na komunidad ng mga bansa ay nakabatay sa pangangatwiran kung saan ang bawat isa ay sumusunod sa isang internasyonal na kaayusang batay sa alituntunin, kabilang dito ang responsibilidad na itaguyod ang kalayaan sa relihiyon o paniniwala at nauugnay na mga karapatang pantao. Nangangahulugan ito na ang ASEAN at ang Member States ay dapat na gumawa ng mga hakbang upang:

- sumunod sa mga instrumento sa internasyonal na karapatang pantao;
- malugod na tanggapin ang mga pagbisita ng mga sumusubaybay sa mga internasyonal na karapatang pantao;
- tiyakin ang hindi nalilimitahang access ng mga aid worker, independyenteng media, at iba pang internasyonal na may interes sa mga mas mahinang populasyon at lugar ng labanan;
- ipawalang-bisa ang mga batas sa pamumusong at nauugnay na batas;
- palayain ang mga bilanggo dahil sa pagsunod sa budhi; at
- palakasin ang mga ugnayan sa pagitan ng may magkakaibang paniniwala.



# Philippines | Pilipinas

**Buong Pangalan:** Republika ng Pilipinas

**Pamahalaan:** Presidential Republic

**Populasyon:** 102,624,209

**Mga Relihiyon/Pananampalataya na Kinikilala ng Pamahalaan:** Lahat ng relihiyosong grupo ay maaaring mag-apply upang magparehistro para sa tax-exempt status

**Demograpiya ng Relihiyon:**

- Katoliko: 82.9%
- Muslim: 5.0%
- Evangelical: 2.8%
- Iglesia ni Cristo: 2.3%
- Ibang Kristiyano: 4.5%
- Iba pa: 1.8%
- Hindi natukoy: 0.6%
- Wala: 0.1%

**Pinakamahahalagang Tuklas:** Dahil sa malakas na impluwensya ng Simbahang Katoliko, pati na rin sa mga pangangailangan ng ibang relihiyosong grupo, nakikipagbuno ang Pilipinas sa paghihiwalay ng simbahan at estado, at pati na rin sa karahasang patuloy na nangingibabaw sa mga pakikipag-ugnayan sa mga Muslim sa isla ng Mindanao.

Ang Pilipinas, na kasalukuyang pinamumunuan ni Pangulong Rodrigo Duterte, ay pinamamahalaan ng isang konstitusyong isinabatas noong 1987 matapos ang Himagsikan ng Lakas ng Bayan (People Power Revolution) na nagpabagsak sa rehimen ng noo'y Pangulong Ferdinand Marcos. Bilang tugon sa pagmamalabis ng rehimeng Marcos, idinambana ng konstitusyon ang mas malaking agwat sa pagitan ng ehekutibo at lehislatibong sangay ng pamahalaan. Hinadlangan din ng konstitusyon ang pagtatatag ng relihiyon ng estado, pagprotekta sa malayang pagsasagawa at pagtatamasa ng relihiyon, at pagbabawal sa paggamit ng mga pagsubok sa relihiyon (religious test) para sa pagkakaroon ng mga karapatang sibil at pulitikal. Pinapahintulutan ng mga artikulo ng konstitusyon ang pagtuturo ng relihiyon sa mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan kapag hiniling ng mga magulang sa pamamagitan ng pagsulat. Gayunpaman, ang gayong pagtuturo ay hindi sapilitan at walang idinudulot na gustusin mula sa estado. Maaaring magparehistro sa pamahalaan ang mga relihiyosong organisasyon upang makatanggap ng tax-exempt status, pero hindi makakatanggap ng mga multa na hindi buwis para sa hindi pagpaparehistro.

Ang Penal Code ng Pilipinas ay naglalaman ng mga artikulo na nagbabawal sa mga krimen laban sa relihiyosong pagsamba. Itinuturing ng Artikulo 133 ng Penal Code na krimen ang manakit ng relihiyosong damdamin, na binigyang-kahulugan bilang pagsasagawa ng gawaing "lantarang nakakasakit sa damdamin ng mga mananampalataya" sa isang relihiyosong okasyon o sa panahon ng isang relihiyosong seremonya. Isinaad din ng sumunod na batas na ang nasabing gawain ay dapat na isinagawa na may intensyong saktan ang mga damdamin ng mga mananampalataya. Nilitis ang paglabag na ito noong 2010 nang pumasok ang isang nagpoprotesta sa Manila Cathedral habang nagaganap ang isang serbisyo, itinaas ang isang karatula na kababasahan ng "Damaso," na tumutukoy sa isang buktot na kathang-isip na prayle, at sumigaw sa nagtitipong klero na sinasabing huwag nang makisangkot sa pulitika. Nahatulan ang akusado at nasentensyahan ng hanggang isang taon, isang buwan, at 11 araw sa kulungan; sentensya na kinatigan ng Court of Appeals at kasalukuyang nakabinbin sa Supreme Court. Kasunod ng paunang hatol, nabigo si Senator Pia Cayetano na magpasa ng isang panukalang-batas upang ipawalang-bisa ang Artikulo 133, na ikinatwirang ang pananalita ay lumalabag sa kalayaan sa pagpapahayag at na protektado na ang kalayaan sa relihiyon sa ilalim ng Civil Code kabilang ang iba pang karapatang konstitusyonal.

Gayunman, sa isang hiwalay na desisyon na inilabas noong 1996, nagdisisyon ang mga korte ng Pilipinas laban sa paghihigpit sa pampublikong panonood ng media na tumutuligsa sa mga relihiyosong doktrina. Ang Iglesia ni Cristo, isang internasyonal na relihiyosong

organisasyon na nagmula sa Pilipinas noong 1914, ngayon ay kinabibilangan ng mahigit sa dalawang milyon ng mga tagasunod sa loob ng bansa. Itinuturing ng Iglesia ang sarili nito bilang ang nag-iisang tunay na relihiyon, at dahil dito, minamaliit nito ang ibang mga Kristyanong grupo. Binigyan ng rating ng Movie and Television Review and Classification Board na pinangangasiwaan ng estado ang programa ng Iglesia, na tumutuligsa sa doktrina ng Katoliko at tumutuya sa Birheng Maria, bilang hindi naaangkop sa ilalim ng Artikulo 201 ng Revised Penal Code, kung saan itinuturing na isang krimen ang produkyon ng media na nananakit sa anumang lahi o relihiyon. Gayunman, sa pagsusuri, nagdesisyon ang mga korte na sa ilalim ng konstitusyon, na hindi para sa estado ang "pumanig sa alinmang relihiyon sa pamamagitan ng pagprotekta rito laban sa pag-atake ng isa pang relihiyon."

Matagal na ang kasalukuyang mga tensyon sa pagitan ng estado ng Pilipinas at ng makapangyarihang Simbahang Katoliko Romano, ngunit tumindi ito nang ipatupad ng noo'y Pangulong Marcos ang batas militar (martial law). Mahigit 80 porsyento ng mga Pilipino ang kilalang Katoliko, na nagbibigay sa Simbahan ng pantanging papel sa lipunan at sa estado. Gayunpaman, habang ibinibilanggo ng noo'y Pangulong Marcos ang sampu-sampong libong pinaghihinalaang kalaban, umabot siya hanggang sa mga pag-aresto sa klero at karaniwang tao na aktibo sa lipunan, pati na rin sa mga paglusob sa mga relihiyosong lugar na pinaghihinalang kumukupkop sa mga komunista. Nagpatuloy ang paghihinala sa pagitan ng magkabilang panig sa ilalim ng mga sumunod na rehimen at ngayon, nagpapatuloy ito sa ilalim ni Pangulong Duterte, na nagbansag sa sarili nito bilang tagalabas na maglilinis sa korupsyon at kumilala rin sa halalan 2016 bilang isang reperendum sa pagitan niya at ng Simbahang Katoliko. Ang mga usaping panlipunan na may kaugnayan sa kalusugang panreproduktibo at parusang kamatayan at pagkontra ng simbahan sa malaking bilang ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang na isinasagawa bilang bahagi ng giyera kontra droga ni Pangulong Duterte ang bumubuo sa kasalukuyang pangunahing pinagmumulan ng pagsasalungatan.

Kilala ang mga katutubong Muslim sa bansa bilang mga Moro, at ang karamihan ng populasyon ng Pilipinong Muslim ay nasa mahihirap na probinsya sa katimugan sa isla ng Mindanao. Bagama't ang noo'y Pangulong Marcos ang siyang naglabas ng dekreto ng presidente na kumikilala at nagsaayos sa Shari'ah upang maging ang legal na sistema para sa personal na batas ng Pilipinong Muslim, kasama sa kanyang panunupil sa pagsalungat at hindi pagsang-ayon ang pagbuwag sa karamihan ng mga nangungunang organisasyong Islamiko noong panahong iyon. Mas matindi pa, bumangon ang mga armadong grupong Islamista mula sa sitwasyong ito, gaya ng Moro National Liberation Front (MNLF). Noong 1984, ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) ay humiwalay mula sa MNLF, na ipinipilit ang mas purong Islamikong pokus, at nagsimulang magsagawa ng mga pag-atake, kabilang ang pambobomba sa isang Katolikong kasalan noong 1986. Sa kabuuan ng dekada 90, kinontrol ng MILF ang tumataas na bilang ng mga teritoryo hanggang sa opisyal na makipagkasundo ito sa pamahalaan ng Pilipinas. Nagpatuloy ang paulit-ulit na karahasan, bagaman ilang beses sinubukan ng magkabilang panig ang magkaroon ng kasunduang pangkapayapaan. Halimbawa, noong 2012, lumagda ang pamahalaan at MILF ng isang kasunduang pangkapayapaan na kilala bilang ang Framework Agreement on the Bangsamoro. Pagkatapos noon, nagpatuloy ang mga pag-uusap tungkol sa mga usapin gaya ng revenue generation at paghahati ng yaman, pati na rin ang paghahati ng kapangyarihan, na umakay sa Comprehensive Agreement on the Bangsamoro at Bangsamoro Basic Law (BBL) noong 2014, kung saan ipinanukala ng pamahalaan at MILF ang may kasarinlang rehiyong Muslim na pinamumunuan ng hiwalay na pamahalaang Bangsamoro. Hanggang sa panahon ng pagsulat na ito, hindi pa rin napagtitibay ang BBL. Sa isang pagpupulong noong May 2017 sa Jeddah, Saudi Arabia, tumanggi ang mga leader ng MILF at MNLF na tanggapin ang isang binagong bersyon ng BBL. Kabilang sa mga usaping hindi pa nalulutas ay ang pagpapalawak ng sistemang panghukuman ng Shari'ah at ang pagpapatibay ng karapatan sa kalayaan sa relihiyon o paniniwala.

Noong 1991, humiwalay ang naninindigang Islamistang Abu Sayyaf Group (ASG) mula sa MNLF, na naghahangad hindi lang ng pagsasariling panrehiyon, ngunit pati na ang pagiging malaya bilang isang estadong Islamiko. Mula noon, nagsagawa na ang ASG ng paulit-ulit na pag-atake kapwa sa mga Pilipino—kasama ang mga Kristiyano—at sa mga dayuhan. Matapos ang pagkamatay ng punong tagapagtatag ng ASG na si Abdurajak Abubakar Janjalani noong 1998, na ayon sa ulat ay tumanggap ng suporta mula sa tagapagtatag ng al-Qaeda na si Osama bin Laden, humiwalay at lumihis ang organisasyon pangunahin na para sa pera sa pamamagitan ng mga pagdukot para sa pagpapatubos (kidnapping for ransom). Ayon sa kasalukuyang mga pagtantiya, ang miyembro ng ASG ay nasa 200 hanggang 400 tao. Noong 2014, ipinanata ng leader ng ASG na si Isnilon Hapilon sa harap ng publiko ang katapatan nito sa ISIS, bagama't nananatiling hindi malinaw ang antas ng natanggap nitong suporta. Noong Mayo 2017, bilang tugon sa operasyon ng pamahalaan na ang layunin ay hulihin si Hapilon, nanawagan ang ASG sa isa pang organisasyon na kaanib ng ISIS, ang grupong Maute, para sa tulong. Sa panahon ng lumalawak na karahasan sa lungsod ng Marawi, na ayon sa ulat ay kinasasangkutan ng mga dayuhang manlalaban at, hanggang sa kasalukuyan, nagresulta ito sa pagkamatay ng daan-daang pinaghihinalaang terorista, sibilyan, at puwersa ng pamahalaan, dinukot ng grupong Maute ang isang Katolikong pari at ilang parokyano sa oras ng pagdarasal. (Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga rehiyonal na trend sa terorismo, tingnan ang seksyong "Common and Crosscutting Challenges.")

Legal na binibigyang-kahulugan ang karahasang ito bilang "rebelyon," noong Mayo 23, 2017, nagdeklara si President Duterte ng batas militar sa isla ng Mindanao. Sa ilalim ng balangkas ng konstitusyon, inaatasan ang presidente na magsumite ng ulat sa Kongreso sa loob ng 48 oras ng pagdedeklara ng batas militar, na maaaring magpatuloy sa loob ng karaniwang tagal na 60 araw. Bagaman kasama na ngayon sa konstitusyon ang mga probisyon na pumoprotekta sa mga karapatang pantao at ang sistemang panghukuman sa ilalim ng batas militar, hindi ito pinapahintulutan dahil sa pagsususpinde ng writ of habeas corpus. Ayon sa mga alituntunin ng patakaran ng Philippine National Police, hindi dapat magsagawa ang mga opisyal ng mga pag-aresto nang walang warrant at walang makatwirang dahilan (probable cause), dapat na irespeto ang mga karapatan ng akusadong iniimbestigahan, at dapat sumunod sa batas laban sa labis na pagpapahirap (anti-torture

law). Gayunpaman, dahil sa mataas na bilang ng mga ekstrahudisyal na pagmamaslang sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Duterte, nananatili ang mga alalahanin tungkol sa pagpapatupad ng batas militar at ang mga posible nitong epekto sa mga karapatang pantao, kabilang ang kalayaan sa pagpapahayag at kalayaan sa relihiyon. Hinimok ng lipunang sibil ng Pilipinas na nakabase sa Mindanao, kabilang ang mga organisasyong Islamiko, ang presidente na pagtuunan ng pansin ang usapin ng marahas na ekstremismo nang hindi inuulit ang kawalang katarungan sa kasayasayan. Hanggang noong Hulyo 2017, nagpapatuloy ang sagupaan sa Marawi sa pagitan ng militar ng Pilipinas at ng grupong ASG/Maute.